Government Property
NOT FOR SALE

4

# TLE / EPP

## Contextualized Daily Lesson Plan



# Copyright Page

Published by the
**LEARNING RESOURCE MANAGEMENT AND DEVELOPMENT SYSTEM (LRMDS)**
Department of Education
Region VI-Western Visayas
**SCHOOLS DIVISION OF SILAY CITY**
Silay City

**Copyright 2019**

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides
***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency of office wherein work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material has been developed by the Curriculum and Implementation Division (CID) of the Department of Education, Schools Division of Silay City. It can be reproduced for educational purposes only. Derivatives of the work including creating an edited version, an enhancement or a supplementary work are permitted provided all original work is acknowledged and the copyright is attributed. No work may be derived from this material for commercial purposes and profit.

**CONTEXTUALIZED DAILY LESSON PLAN IN EPP 4**
**PAGGAWA NG HOMEMADE COCONUT MILK HAIR CONDITIONER**

*Written by:*
***RENA S. VILLA***

*Illustrated by:*
***JERRY R. BAGUIOS***

*Quality Assured by:*

***ROMMEL FUENTES***
*EPS-EPP/TLE*

***DR. FREDDIE NAPAY***
*Principal I*

***DIONISIO SOGUILON***
*Head Teacher VI*

***EULAME PERALTA***
*Principal I*

***JOAN L. SIMPLE***
*Master Teacher I*

*Management Team:*

***CARMEL JOY P. AUJERO***
*EPS-LRM*

***JOY P. NAKAMURA***
*PDO II-LRM*

*Recommending Approval:*

***FEDERICO P. PILLON, JR.***
*CID Chief*

*Approved by:*

***CYNTHIA A. DEMAVIVAS, CESO V***
*Schools Division Superintendent*

This first digital edition has been produced for print and online distribution within the Department of Education, Philippines via the Learning Resources (LR) Portal by the Division of Silay City, deped.silay@deped.gov.ph

# 4

# EPP

## Contextualized Daily Lesson Plan

Paggawa ng Homemade
Coconut Milk Hair Conditioner

This contextualized lesson plan was collaboratively developed and reviewed by educators from the Schools Division of Silay City. We encourage teachers to email their feedback, comments, and recommendations to the Schools Division of Silay City at deped.silay@deped.gov.ph.

**We value your feedback and recommendations.**

**CONTEXTUALIZED DAILY LESSON PLAN**
**Integration of Local Heritage Theme: Silay Local Products**

| | |
|---|---|
| School: | DON EUSTAQUIO ELEMENTARY SCHOOL |
| Teacher: | RENA S. VILLA |
| Designation: | TEACHER III |
| Learning Area: | EPP |
| Grade Level: | GRADE 4 |
| Quarter: | FIRST QUARTER |
| Date and Time: | |
| | |
| **I. LAYUNIN** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipapamalas ang pang-unawa sa “gawaing pantahanan” at ang maitutulong nito sa pag-unlad ng sarili at tahanan |
| B. Pamantayang Pagganap | Naisasagawa ng may kasanayan ang mga gawaing pantahanan na makatutulong sa pangangalaga ng pansarili at ng sariling tahanan |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto<br><br>Contextualized Learning Competency | 1.2 Naisasaugali ang mga tungkulin sa sarili upang maging maayos<br>1.2.2 Naipapakita ang wastong paraan ng paggamit ng mga ito<br><br>1.2.3 Nakakagawa ng “Homemade Coconut Milk Hair Conditioner” gamit ang mga sangkap na makikita sa sariling komunidad gaya ng niyog upang mapangalagaan ang sarili. |
| Competency Code | EPP4HE-Oa-2 |
| **II. NILALAMAN**<br><br><br><br>Integration Across Learning Area | Tungkulin sa Sarili<br>Paggawa ng “Homemade Coconut Milk Hair Conditioner” para sa pangangalaga ng buhok<br><br>Health – Kalinisan/Pangangalaga sa Sarili<br>Math – hakbang sa paggawa ng Homemade Coconut Milk Hair Conditioner (una, pangalawa,pangatlo…)<br>ESP – Pagpapahalaga sa Sarili<br>Science – tamang paghahalo ng mga Kemikal at pag-iingat sa paggamit ng mga kagamitan |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | |
| A. Sanggunian<br>1.Mga Pahina sa Gabay ng Guro<br>2. Mga pahina sa Kagamitang Pang mag-aaral | <br>TG, pahina 70-72<br><br>LM, pahina 208-214 |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | Larawan, niyog,<br>Mga kagamitan sa pagsasagawa ng Homemade Coconut Milk Hair Conditioner<br>(isang pirasong niyog, kidkiran, baso/palanggana, tela at kawali |

| **III. Pamamaraan** | |
|---|---|
| A. Balik-aral sa Nakaraang Aralin/o Pagsisimula sa Bagong Aralin | Balik-aralan ang mga kagamitan pansarili at pampamilya<br>Hal. Sipilyo, mouthwash, suklay, sabon, bimpo, toothpaste, shampoo<br><br>Ano-ano ang mga kagamitan sa paglinis ng sarili? |
| B. Paghahabi sa Layunin ng Aralin | Kilalanin kung saan dapat gagamitin ang mga sumusunod na kagamitan. Isulat ang sagot sa patlang.<br>Kagamitan Para sa Buhok<br>Kagamitan Para sa Kuko<br>Kagamitan Para sa Bibig at Ngipin<br>Kagamitan Para sa Katawan<br><br>1.  _______________ 6.  _______________<br>2.  _______________ 7.  _______________<br>3.  _______________ 8.  _______________<br>4.  _______________ 9.  _______________<br>5.  _______________ 10.  _______________ |
| C. Pag-uugnay ng Halimbawa sa Bagong Aralin | Ano-ano ang mga bagay na inyong ginagamit upang mapanatiling malinis at malusog ang inyong buhok? (Suklay, pantali, shampoo)<br><br>Sino-sino sa inyo ang gumagamit ng shampoo?<br>Gusto niyo bang malaman kung paano gumawa ng shampoo gamit ang gata ng niyog? |
| D. Pagtatalakay ng Bagong Konsepto at Paglalahad ng Bagong Kasanayan # 1 | Ano ang tamang paraan sa pagsuklay ng buhok? (naipapakita ng mga bata ang tamang paraan sa pagsuklay ng buhok)<br><br>Maliban sa pagsusuklay, anu-anu ang pweding gawin upang mapanatiling malinis ang sarili? |
| E. Pagtatalakay ng Bagong Konsepto at Paglalahad ng Bagong Kasanayan # 2 | Ang gata ng niyog ay isa sa pinakakilala at may maraming benepisyo sa tao. Isa sa mga ito ay ang paggamit nito sa ating buhok na panghalili sa ating binibiling shampoo sa tindahan. Sa ngayong panahon maraming naglalabasang produkto o kagamitan na makatutulong raw upang pangalagaan ang ating buhok ngunit dapat isaisip natin ang pinakamabisa at epektibo na gagamitin sa ating buhok na ligtas at walang halong kemikal. Isa sa mga ito ay ang paggawa ng langis mula sa gata ng niyog. |

Ang gata ng niyog ay mayaman sa bitamina gaya ng *niacin* at *folate* upang mapabuti ang serkulasyon ng dugo sa anit. Mayroon din itong bitamina E at fats o taba na lumalaban sa pagkasira ng ating buhok.

A. Pagbabasa ng Pamantayan
1.Panatilihin ang katahimikan at kaligtasan ng bawat isa habang isinasagawa ang pangkatang gawain.
2. Gawin ang aktibidad ng sama-sama at siguraduhing ang lahat ng miyembro ay nakikiisa.
3. Tapusin ang gawain sa itinakdang oras.

Panuto: Basahing mabuti ang mga hakbang sa paggawa ng langis mula sa niyog.

Mga kagamitan na dapat ihahanda sa pagsagawa ng homemade coconut milk Shampoo:

- Isang pirasong kinidkid na niyog
- Baso/palanggana
- Tela
- Kawali
- Boteng may Takip

Pamamaraan:

1. Kumuha ng kinidkid na isang piraso ng niyog
2. Pigain gamit ang manipis na tela.
3. Ilagay ang kawali sa kalan na may mahinang apoy.
4. Ibuhos nang dahan dahan ang gata kapag mainit na ang kawali.
5. Lutuin ito ng limang (5) minuto at pahupain ang init nito ng bahagya.
6. Ilagay ang gata sa loob bote at takpan ng maigi.
7. Ilagay sa sa refrigerator o sa isang malamig na lugar.
8. Palipasin ang isang gabi bago gamitin ang Homemade Coconut Milk Shampoo.

Rubrik sa Paggawa ng Isang Homemade Coconut Milk Hair Conditioner

| Kategorya | 3 | 2 | 1 | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| 1.Kumpletong sangkap at kagamitan | Lahat ng mga sangkap at kagamitan ay naihanda | Isang sangkap at kagamitan ang kulang | Dalawa o tatlong sangkap at kagamitan ang kulang | |
| 2. Nakasusunod sa tuntuning pangkaligtasan at pangkalusugan | Lahat ng tuntuning pangkaligtasan at pangkalusugan ay nagawa o nasunod | Isa sa mga tuntuning pangkaligtasan ang hindi nasunod | Dalawa o higit sa mga tuntunin ang hindi nasunod | |
| 3. Nakasusunod sa tamang paraan ng paggawa ng Homemade Coconut Milk Shampoo | Lahat ng paraan ay nagawa ng tama at maayos | Isa sa mga paraan ay hindi nagawa ng tama at maayos | Dalawa o higit pa sa mga paraan ay hindi nagawa at maayos | |
| | | | Kabuuang Puntos | |

| | |
|---|---|
| | Pamantayan sa Puntos:<br>9 – 10     8 – 95     7 - 90<br>6 – 85     5 – 80     4 at pababa – 75 |
| F. Paglinang sa Kabihasnan (Tungo sa Formative Assessment) | Ngayon mga bata subukin nating sagutin ang mga katanungan batay sa inyong ginawa. Piliin ang titik ng tamang sagot.<br><br>1. Alin sa mga sumusunod na mga gawain na nagpapakita nga wastong pagaayos sa sarili<br>A. Paglalaba<br>B. Paglalampaso<br>C. Pagluluto<br>D. Pagsusuklay<br>2. Anu ang dapat gawin pagkatapos kumain, para mapanatiling malinis ang ngipin?<br>A. Paliligo<br>B. Pamamalantsa<br>C. Pagsisipilyo<br>D. Pagsusuklay<br>3. Alin sa mga sumusunod ang hindi sangkap o gamit sa paggawa ng isang Homemade Coconut Milk Shampoo?<br><br>A. Bunga ng niyog<br>B. Bunga ng papaya<br>C. Kawali<br>D. Tela<br>4. Ano ang wastong paraan sa pagkuha ng gata mula sa bunga ng niyog?<br><br>A. Dikdikin at salain<br>B. Hiwain at tadtarin<br>C. Kidkirin at pigain<br>D. Putulin at pigain<br>5. Paano nakakatulong ang paggawa ng isang homemade coconut shampoo sa pang-araw araw na buhay?<br><br>A. Nakadagdag sa gastusin sa tahanan<br>B. Nakatitipid sa gastusin sa tahanan<br>C. Napadami ang trabaho ng mag-anak<br>D. Napataas ang gastusin sa tahanan |
| G. Paglalapat ng Aralin sa Pang araw-araw na buhay | Paano natin isagawa ang isang Homemade Coconut Milk Hair Conditioner<br>Ano ang maitutulong nito sa ating pamumuhay?<br>Bakit mahalaga na magtipid sa ngayong panahon?<br><br>Pagpapahalaga: Ang kalinisan ay kayamanan. Ito ay makatutulong upang maging maayos at matiwasay na pamumuhay ng buong mag-anak kaya't dapat natin itong pahalagahan. |

| | |
|---|---|
| H. Paglalapat ng Aralin | Tandaan Natin:<br>Upang maging malinis at maayos at magkaroon tayo ng malusog at ligtas na buhok dapat isaisip ang natural na paraan ng pag-aalaga nito. Ang paggamit ng isang Homemade na coconut milk shampoo ay makatutulong upang makatipid tayo. |
| I. Pagtataya ng Aralin | Panuto. Isulat ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.<br><br>1.Ang homemade coconut milk hair conditioner ay angkop sa pangangalaga ng ating_____<br><br>A. Balat<br>B. Buhok<br>C. Damit<br>D. Ngipin<br><br>2.Ang isang homemade coconut milk hair conditioner ay galling sa bunga ng___<br><br>A. Bayabas<br>B. Niyog<br>C. Saging<br>D. Santol<br><br>3. Kailan dapat ilagay sa ref ang ginawang homemade coconut milk hair conditioner?<br><br>A.Kung ito ay hindi na mainit<br>B.Kung ito ay may katamtamang init<br>C. Kung ito ay sobrang init<br>D. Wala sa nabanggit<br><br>4. Gaano katagal ang isang homemade coconut milk hair conditioner sa loob ng ref bago gamitin?<br>A. Isang buong gabi<br>B. Dalawang araw<br>C. Isang linggo<br>D. Isang Buwan<br><br>5. Ilang minuto dapat lutuin ang isang homemade coconut milk hair conditioner?<br><br>A.1 minuto<br>B. 5 minuto<br>C. 10 minuto<br>D. 15 minuto<br>ML_______________ ID______________________ |

| | |
|---|---|
| Karagdagang Gawain para sa Takdang Aralin at Remediation | Magsaliksik pa ng ibang produkto mula sa bunga ng niyog. |
| **IV. MGA TALA** | |
| **V. PAGNINILAY** | |
| A.Bilang ng mag aaral na nakuha ng 80% sa pagtataya | |
| B. Bilang ng mag aaral na nangangailngan ng iba pang Gawain para sa remediation | |
| C. Nakatutulong ba ang remedial?Bilang ng mag aaral na nakaunawa sa aralin | |
| D. Bilang ng mag aaral na magpapatuloy sa remediation | |
| E. Alin estratihiyang pagtuturo nakatutulong ng lubos? Paano ito nakatutulong? | |
| F. Anong suliranin ang akin nararanasan na solusyonan sa tulong ng akin punong guro at superbisor | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking naididibuho na nais kung ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

Department of Education

Division of Silay City